## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Kung minsan, mukhang napakalaki ng mundo. Kung napakalaki ng isang bayan, o kahit ng isang probinsiya, maiisip mo kung gaano kalawak ang mundo! Kamangha-mangha pa rin na gaano man kalawak ang mundo, ang iba't ibang tao sa buong mundo ay nakakatagpo ng paraan upang makipag-ugnayan sa isa't isa. Ang iba't ibang tao sa buong mundo ay nakabuo ng ugnayan sa isa't isa kahit maraming bansa ang ibinubukod ng napakalawak na karagatan at napakataas na kabundukan. Kahit sa iyong komunidad, magugulat ka kapag nalaman mong nakaugnay ka sa ibang tao ng ibang komunidad sa buong mundo.

Sa modyul na ito, malalaman mo kung paano nakaugnay ang Pilipinas sa ibang bahagi ng mundo. Tayo bilang mga Filipino ay nakaugnay sa ibang bansa at tao sa buong mundo sa maraming paraan. Ang pagkain natin, ang produktong binibili natin, ang mga pook na pinagtatrabahuan natin, ang palabas na pinanonood natin sa telebisyon o sinehan at mga isports natin ay naaapektuhan ng ating ugnayan sa ibang bansa. Sa modyul na ito, marami ka pang malalaman sa mga paksang nagtataglay ng malapit na interaksiyon ng Pilipinas at iba pang bansa. Malalaman mo kung paano nakakaapekto sa iyong pang-araw–araw na gawain ang mga pandaigdigang ugnayan. Sa pag-aaral mo sa modyul na ito, malalaman mo kung gaano kahalaga ang ating ugnayan sa mundo sa ating pang-araw-araw na buhay.

May dalawang aralin ang modyul na ito:

Aralin 1 – *Nakaugnay Ako sa Mundo!*

Aralin 2 – *Paano Nakakaapekto sa Akin ang mga Ugnay na Ito*

## Anu-ano ang mga Matututuhan Mo sa Modyul na Ito?

Matapos pag-aralan ang modyul na ito, may kakayahan ka nang:

- matukoy ang ilang pamilyar na produkto at serbisyo na magagandang halimbawa ng ugnay ng Pilipinas at ng mundo;
- matukoy at mailarawan ang mga pangunahing larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa mundo; at
- ipaliwanag kung paanong ang mga ugnay na ito'y nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay at gawain.

#  Anu-ano na ang mga Alam Mo?

Gaano karami na ang nalalaman mo sa paksa? Bakit hindi mo sagutin ang mga tanong sa ibaba para malaman mo.

A. Tukuyin kung aling mga karaniwang produkto sa ibaba ang magagandang halimbawa ng mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo. Maglagay ng tsek (4) sa patlang na nasa unahan ng bawat produkto.

_____ 1. Pataba

_____ 2. Cellular phones

_____ 3. Langis ng niyog

_____ 4. Traysikel

_____ 5. Elektroniko

_____ 6. Garment

_____ 7. Isda at Sugpo

_____ 8. Bakal

_____ 9. Saging

_____10. Asukal

B. Binibigyan ka ng limang larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa mundo. Magbigay ng dalawang halimbawa sa bawat isa sa limang larangan. Isulat ang iyong sagot sa mga patlang sa ibaba.

1. Negosyo at Industriya

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Isports

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Empleyo

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Media

_______________________________________________

_______________________________________________

5. Edukasyon

_______________________________________________

_______________________________________________

C. Sagutan ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang.

1. Paanong nakakaapekto ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa pagpili at sa kalidad ng bigas na mabibili sa pamilihan?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

2. Paanong nakakaapekto ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa uri ng palabas sa telebisyon?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

3. Paanong nakakaapekto ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa uri ng programang pang-edukasyon na itinataguyod ng pamahalaan ng Pilipinas?

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

4. Paanong nakakapagtakda ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa uri ng trabaho na bukas sa mga Pilipino?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

5. Paanong nakakaapekto ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa singil sa traysikel o dyip?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

6. Paanong nakakaapekto ang mga ugnay ng Pilipinas at ng mundo sa halaga ng piso na maipapalit sa iba pang uri ng salapi?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

Kumusta ang pagsagot mo? Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa mga pp. 42–44.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, napakagaling! Ibig sabihin, marami ka nang alam sa paksang ito. Mababasa mo pa ang modyul na ito para mabalik-aral ang nalalaman mo na. Maaaring may matututuhan kang bago.

Kung mayroon kang mali, huwag mabahala. Ibig sabihin lamang, para sa iyo talaga ang modyul na ito. Mag-aral kang mabuti at marami ka pang matututuhan sa iba't ibang ugnayan ng Pilipinas at ibang panig ng mundo. Malalaman mo pa kung paanong nakakaapekto sa pang-araw-araw mong buhay ang mga ugnay na ito.

Handa ka nang magsimula? Mabuti! Puwede mo nang umpisahan ang unang aralin ng modyul na ito.

## Aralin 1

# Nakaugnay Ako sa Mundo!

Napag-isipan mo na ba kung saan galing ang iba't ibang produktong ginagamit mo araw-araw? Shampoo, sabong panlaba, pagkain, inumin, kagamitang elektrikal, plato, platito at tasa, kutsara, tinidor, kaldero at kawali ang ilan sa mga produktong ginagamit mo araw-araw. Marami sa mga produktong ito ang gawa dito sa atin, pero marami ang galing sa ibang bansa. Napanood mo na siguro ang maraming palabas sa telebisyon o sinehan na nagtataguyod sa mga artista ng ibang bansa. Siguro nakapanood ka ng NBA basketball match, isang world championship boxing fight, o ng Olympics. Ito ang mga bagay na siguro'y pamilyar sa iyo. Mga halimbawa ito kung paanong nakaugnay sa ibang bahagi ng mundo ang Pilipinas.

Sa araling ito, tukuyin natin ang ilang produkto, serbisyo at progarama na mga halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at ng mundo. Ang produkto, serbisyo at programang ito ay naging napakapamilyar na bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay, at mahirap isipin ang buhay na wala ng mga bagay na ito.

Pagkaraan ng araling ito, matutukoy mo ang ilang produkto, serbisyo at programa na mga halimbawa ng mga ugnay ng Pilipinas at ng mundo.

Handa ka na ba? Mabuti! Makapagsisimula ka na sa unang gawain.




## Subukan Natin

Tingnan ang mga larawan sa ibaba. Sa aling sumusunod na larawan ka pamilyar? Kilalanin ang bawat larawan sa ibaba. Isipin kung gaano kahalaga ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Kilalanin ang bawat larawan at isulat kung bakit mahalaga ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Isulat ang iyong sagot sa patlang sa ibaba ng larawan.


1.





2.



3.




4.




5.


FEDERAL RESERVE NOTE
THE UNITED STATES OF AMERICA
B 1234567890 F
ONE HUNDRED DOLLARS


6.


FUJI.YAMA
FACTORY

7.




8.


COUGH
SYRUP
COUGH
SYRUP

9.



10.


NBA

Nakilala mo ba ang lahat ng larawan? Mahalaga ba ang lahat ng ito sa inyong pang-araw-araw na buhay? Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pp. 45–47.



## Pag-aralan at Suriin Natin Ito


Sa nakaraang gawain, hiniling na tukuyin mo ang ilang larawan. Sa aling mga larawan ka pamilyar? Makakaisip ka ba ng mga posibleng ugnay ng mga bagay na ito sa iba bahagi ng mundo? Habang pinag-iisipan mo ito, tanungin mo ang iyong sarili ng mga tanong na ito:

1. Sino ang gumawa ng shampoo ko?
2. Saan galing ang langis na pinagmumulan ng gasolina?
3. Saan ginagawa ang mga bentilador at iba pang karaniwang appliance sa bahay?
4. Bakit maraming palabas sa telebisyon na nagtatampok sa mga dayuhang aktres at aktor?
5. Bakit kapag nagpapalit ako ng dolyar para sa piso, hindi pare-pareho ang tumbasan?
6. Bakit maraming pabrika sa Pilipinas na nagbibigay ng trabaho sa mga Pilipino pero pag-aari ng mga dayuhan?
7. Bakit maraming dayuhan ang dumadalaw sa Pilipinas para kumuha ng retrato at maglibot sa iba't ibang pook sa bansa?
8. Saan galing ang gamot ko sa ubo o sipon?
9. Bakit maraming Pilipino ang pumupunta sa ibang bansa para magtrabaho?
10. Ano ang iba't ibang isports ang pinaghahandaan ng mga Pilipino?

Pinag-iisipan mo bang mabuti ang bawat tanong? Siguro alam mo na agad ang sagot sa ibang tanong. Siguro pinag-isipan mo nang malalim ang iba. Mahalaga na tumutulong sa atin ang bawat tanong para makitang maraming bagay na itinuturing nating mahalaga sa ating pang-araw-araw na buhay sa katotohanan ay magagandang halimbawa kung paanong nakaugnay ang Pilipinas sa mundo. Kapag gumamit tayo ng ilang produkto

o serbisyo, nagiging bahagi tayo ng ugnayan ng Pilipinas at maraming bansa sa buong mundo.


Interesado ka ba sa mga ugnayang ito? Gusto mo bang malaman ang sagot sa lahat ng tanong sa itaas? Magpatuloy sa pagbabasa at malalaman mo!




## Alamin Natin

Maraming produkto, serbisyo o programa na magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at mundo. Nang makita mo ang larawan ng shampoo at sabon, maaaring naisip mong napakahalagang produkto nito para sa iyo kapag naliligo ka. Maraming uri ng shampoo at sabong mapagpipilian mo. Ilan sa mga ito ang ibinebenta rin sa maraming bansa sa buong mundo.


Sa Pilipinas, maraming kompanyang pag-aari ng mga dayuhan ang gumagawa ng mga produktong ginagamit mo kung minsan. Narito ang ilang halimbawa ng dayuhang korporasyon na gumagawa ng mga produktong Pilipino ang tumatangkilik:





Gumagawa ang **Unilever** ng mga produkto tulad ng shampoo, sabon, detergent, deodorant, at toothpaste.




Gumagawa ang **Procter & Gamble** ng produkto tulad ng detergent, produktong pansanggol, at sanitary napkin.




Gumagawa ang **Dole** ng mga produkto tulad ng de-latang pinya at pineapple juice.





Gumagawa din ang **Del Monte** ng de-latang pinya at iba pang produkto tulad ng fruit cocktail at kahit karne norte.

May opisina sa Pilipinas ang lahat ng kompanyang ito. Gumagawa sila ng produktong nagbibigay kasiyahan sa mga Pilipino. Gayunman, pag-aari ng dayuhan ang mga ito.


Isa pang halimbawa nito ang gamot. Maraming gamot na ginagamit mo kapag may sakit ka ay ginagawa ng mga kompanya sa ibang bahagi ng mundo.


Narito pa ang ibang halimbawa ng mga bagay na magandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at ibang bansa.



Tinutulungan tayo ng mga computer upang sumulong ang ating bansa. Maraming kompanya ng computer ang pumupunta sa Pilipinas mula sa ibang panig ng mundo. Sa kabilang banda, maraming estudyante ng mga kursong pang-computer ang mahuhusay na computer prorammer. Madalas na pumupunta sa ibang bansa ang mga computer programmer na ito para doon magtrabaho.

Marami sa ating kinagigiliwang palabasa sa telebisyon ang nagmula sa ibang bansa tulad ng Mexico o United States. Maraming cartoons na gustung-gusto ng mga bata ang galing sa Japan. Maraming mahusay na dibuhistang Pilipino. Madalas, marami sa kanila ang hihilingin na gumuhit sa ilang cartoon na napapanood natin sa mga pelikula o telebisyon.





Sa maraming pagkakataon, ipinapadala ang mga atletang Pilipino sa ibang bansa  para makipagpaligsahan sa mga palaro tulad ng Southeast Asian Games o sa Olympics. Maraming bansa ang lumalahok sa mga palarong ito.

Kung minsan dumadalaw sa Pilipinas ang ibang tao mula sa ibang bansa. Madalas na gusto nilang lumibot at makita ang iba't ibang tanawin sa iba't ibang panig ng bansa. Maraming Pilipino ang dumadalaw rin sa ibang bansa para mamasyal o dumalaw sa mga kamag-anak.





Makakaisip ka ba ng iba pang halimbawa? Isulat mo ang mga idea kung paanong may ugnay ang Pilipinas sa ibang bansa sa mga linya sa ibaba. Pag-usapan ninyo ng iyong *Instructional Manager,* kamag-aral, kaibigan o kamag-anak ang iyong sagot.


Maraming paraan kung paanong ugnay ang Pilipinas sa iba pang bahagi ng mundo. Ilan lamang ang halimbawang binanggit dito. Mga bagay na pamilyar sa Pilipino ang mga ito, at bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay.


# Basahin Natin Ito

Basahin ang kuwento ni Grace sa ibaba. Subuking tukuyin ang mga bagay na ugnay sa Pilipinas at mundo. Ang mga bagay na ito ay nasa anyo ng produkto, serbisyo, o kahit anong empleyo.





Darating si Grace sa pabrikang pinagtatrabahuan niya. Nasa lugar iyon na maraming pabrika at opisina. Maraming Pilipino ang nagtatrabaho sa mga pabrikang ito. Gumagawa ang ilan ng elektronics at ang iba naman ay mga produkto tulad ng garments.
Hello, Grace!
Hello, Jeanette! Magandang umaga!
Kailangang ayusin natin ang akomodasyon ni G. Fujimoto, na darating mula sa Japan sa susunod na linggo para tingnan ang takbo ng mga bagay sa pabrika.
Oo nga! Bibisita na naman ang boss ng kompanya!


Sa hapon, tinawagan si Grace ng kanyang nanay. Hinihiling ng kanyang Nanay na tanungin ang tumbasan sa salapi dahil ang kapatid ni Grace na si Benjie ay kapapadala lamang ng pera mula sa Saudi Arabia.
Grace, kapapadala lamang ng dolyar ng Kuya Benjie mo mula sa Saudi. Magkano iyon sa piso?
Hindi ko alam, Mama. Titingnan ko pa ang tumbasan. Alam n'yo naman, lagi itong nagbabago.


Sa break time, nakipagkuwentuhan si Grace kay Jeanette...
Kumusta ang kapatid mo Jeanette? Tinatapos na ba niya ang pag-aaral?
Oo! May malaking computer manufacturer sa US ang kabibigay lamang ng 100 bagong unit sa kanyang eskuwelahan. Ang sabi niya, pagka-graduate niya ng kurso sa programming, mag-aaplay siguro siya ng trabaho sa ibang bansa. Narinig kong maraming bansa ang kumuha ng mga computer programmer na Filipino.






## Subukan Natin

Nagustuhan mo ba ang araw na kasama si Grace? Natukoy mo ba ang ilang bagay na magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas sa mundo? Sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat sa patlang ang sagot.

A. Tukuyin ang limang bagay sa kuwento ni Grace na magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas sa mundo.

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

B. Alin sa mga produkto, pook o aktibidad na binabanggit sa kuwento ang sa palagay mo ay mahalagang bahagi ng araw ni Grace?

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

C. Sa mga pang-araw-araw na gawain ni Grace, palagay mo ba'y nakakaranas siya ng ugnay ng Pilipinas sa mundo? Bakit? Bakit hindi?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Maihahambing mo ang iyong sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 47–48.



## Pag-isipan Natin Ito

Sa araling ito, natutuhan mo ang tungkol sa ilang produkto, serbisyo, organisasyon at aktibidad na magagandang halimbawa ng mga ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo. Hindi natin namamalayan ngunit kalahok ang ating pang-araw-araw na buhay sa maraming ugnayan ng ating bansa at iba pang bahagi ng mundo. Maraming produkto na gawa ng iba't ibang dayuhang kompanya ay naging mahalagang bahagi ng ating pang-araw-araw na buhay. Maging ang mga trabahong binubuksan ay nakadepende sa mga relasyon at ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.

Kapag lalo mong pinag-isipan, lalo mong mauunawaan na talagang nakaugnay ang ating pang-araw-araw na buhay sa mga buhay ng ibang tao sa ibang bansa. Kahit ang ating pang-araw-araw na gawain, makakatagpo tayo ng mga ugnayan sa ibang tao mula sa ibang bahagi ng mundo. Ito ang mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo.



## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Sagutin ang sumusunod na katangian sa ibaba. Ilagay ang mga sagot mo sa patlang.

A. Magbigay ng hindi bababa sa limang bagay (produkto, serbisyo, organisasyon, o aktibidad) na magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo.

______________________________________________________

______________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

B. Sa palagay mo ba nakaugnay ang pang-araw-araw na buhay mo sa ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo? Bakit? O bakit hindi?

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

__________________________________________________

Kumusta ang pagsagot mo? Maihahambing ang sagot mo sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 48–49.

Kung tama ang sagot mo sa lahat, magaling! Ibig sabihin, naiintindihan mong mabuti ang aralin. Kung mayroon kang mali, huwag mag-alala, pagbalik-aralan lamang ang mga bahagi ng araling hindi mo naiintindihan.




## Tandaan Natin

Sa ating araling ito, natutuhan mo ang ilang mga produkto, serbisyo, organisasyon at gawain na nagsisilbing magandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas sa ilang parte ng daigdig. Hindi natin napapansin na ang ating pang-araw-araw na buhay ay sangkot ang ugnayan ng ating bansa sa ibat't ibang bahagi ng mundo. Naging bahagi na ng ating pang-araw-araw na buhay ang mga produktong gawa ng mga dayuhang kumpanya. Pati na rin ang ating mga trabaho ay naka-dipende sa ugnayan at relasyon ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo.

Habang lalo mong iniisip, mas nauunawaan mo na may ugnayan ang ating pang-araw-araw na buhay sa buhay ng mga taga-ibang bansa. Kahit ang ating pang-araw-araw na gawi ay may ugnay sa mga taong galing sa iba't ibang bahagi ng mundo.

# Paano Nakakaapekto sa Akin ang mga Ugnay na Ito




Narinig mo nang minsan o higit pa ang tungkol sa pagtaas ng presyo ng krudong langis o gasolina. Narinig mo na rin marahil ang tungkol sa isang kabataang Pilipino na nagwagi ng medalyang pilak sa boksing noong 1996 Olympic Games. Ang mga balitang ito ay tila hindi magkaugnay, pero magkaugnay pala. Bawat balita ay nagpapakita sa atin na bahagi ang Pilipinas ng maraming pangyayaring nagaganap sa ibang bahagi ng mundo.

Sa nakaraang aralin, nalaman mong nakaugnay ang Pilipinas sa maraming bahagi ng mundo. Nakaugnay tayo sa mundo sa maraming paraan, karamihan sa mga bagay na napakapamilyar at napakahalaga para sa atin. Sa araling ito, matututuhan mo pa ang tungkol sa iba't ibang ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Matutuhan mo rin ang tungkol sa kung paanong nakakaapekto ang mga ugnayang ito sa iyong pang-araw-araw na buhay.

Makaraang pag-aralan ang modyul na ito, magagawa mo nang:

- tukuyin at ilarawan ang mga pangunahing larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa mundo; at
- ipaliwanag kung paanong nakakaapekto ang mga ugnayang ito sa iyong pang-araw-araw na buhay at gawain.



## Subukan Natin Ito

Binibigyan ka ng ilang salitang ang titik ay pinagbali-baligtad. Mga halimbawa ang mga salitang ito ng ilang larangan kung saan may ugnayan ang Pilipinas sa mundo. Binibigyan ka ng isang maikling deskripsiyon ng bawat salita. Ayusin ang mga salita para mahulaan ang tamang salita.

1. OOYSGEN TA TRUSINYADI

   (Tungkol ang larangang ito sa iba't ibang produkto na tinatanggap at ipinapadadala natin sa ibang bansa. Kabilang din rito ang iba't ibang kompanyang pag-aari ng dayuhan na may opisina at pabrika sa Pilipinas.)

   ______________________________________________

2. IPROSST

   (Kabilang dito ang maraming atletang Pilipino sa Pilipinas na dumarayo sa ibang bansa para lumahok sa ilang pangunahing paligsahan. Isang halimbawa nito ang Olympics at Southeast Asian Games)

   ______________________________________________

3. EANDUKNYSO

   (Kabilang dito ang mga programa na layuning paunlarin ang iyong husay at kaalaman sa agham, matematika, agham panlipunan, atbp. Isang halimbawa nito ang programang NFE A&E.)

   ______________________________________________

4. KNOYHIAETLO

(Kabilang sa larangang ito ang mga aparato tulad ng computer, makina, appliance, at iba pang elektroniko na pinadadali ang maraming gawain para sa atin. Kabilang din dito ang mga trabaho at kakayahan tulad ng pagpoprograma sa computer at agham medisina.)

__________________________________________________________


5. PLEOYME

(Kabilang sa larangang ito ang iba't ibang trabaho na bukas sa buong mundo. Maraming Pilipino ang pumunta sa ibang bansa para magtrabaho.)

__________________________________________________________

Maihahambing ang iyong mga sagot doon sa matatagpuan sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 49.


Ang mga salitang isinaayos mo ay pawang mga halimbawa ng iba't ibang larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa ibang panig ng mundo. Malalaman mo pa ang mas maraming bagay tungkol sa ugnayang ito sa susunod na aktibidad.




## Alamin Natin

Sa unang aralin ng modyul, nalaman mo na maraming bagay na bahagi ng iyong pang-araw-araw na buhay na mabubuting halimbawa ng ugnay ng Pilipinas at ng mundo. Tingnan natin nang mas malapitan ang bawat ugnayan.

Nakaugnay ang Pilipinas sa iba pang panig ng mundo sang-ayon sa **Negosyo at Industriya.**





Nakikipagpalitan ang Pilipinas sa ibang bansa ng mga produkto at serbisyo. Tinatawag na **angkat** (import**)** ang mga produktong gawa sa ibang bansa at dinadala sa Pilipinas. Tinatawag namang **luwas** (export) ang mga bagay na gawa sa Pilipinas at dinadala sa ibang bansa. Tinatawag na kalakalan ang palitang ito. Isa itong mabuting halimbawa ng mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang panig ng mundo. Ilang halimbawa ng produktong inaangkat mula sa ibang bansa ay ang mga sumusunod:




Inaangkat ng Pilipinas ang malaking bahagi ng langis na kailangan nito mula sa ibang bansa. Tulad ng nalalaman mo, kailangan ang langis sa paggawa ng gasolina na ginagamit ng mga traysikel, dyipni, at trak.

Mula sa ibang bansa ang ilang abono na ginagamit ng mga magsasaka.







Gawa sa  ibang bansa ang mga motorsiklo at trak na nakikita natin sa haywey.

Maraming uri ng bigas na ipinagbibili sa Pilipinas ang mula sa ibang bansa. Kapag hindi nakakapag-ani ang isang bansa ng sapat na bigas para sa mamamayan nito, kakailanganin nitong bumili ng bigas sa ibang bansa.





Narito ang ilang produkto na gawa sa Pilipinas at ipinapadala sa ibang bansa.




Nagluluwas ng maraming isda at sugpo ang Pilipinas.

Maraming pabrika sa Pilipinas ang nag-aasembol ng elektroniks. Ipinapadala sa ibang bansa ang mga elektroniks na ito.





Isa ang garments sa pangunahing luwas (export) ng Pilipinas sa ibang bansa. Gayunman, angkat sa ibang bansa ang ilang sa hilaw na sangkap na ginagamit sa mga garments na ito.

Makikita mo ang isang listahan ng mga produkto na inaangkat at iniluluwas sa apendiks ng modyul na ito sa mga pp. 56–59.



## Subukan Natin Ito

Makakaisip ka ba ng alinmang produkto na gusto nating angkatin o iluwas? Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang sa ibaba.

Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pahina 49.




## Pag-isipan Natin Ito

Bukod sa pagluluwas at pag-aangkat ng mga produkto at serbisyo mula at patungo sa ibang bansa, marami pang paraan kung paanong nakalilikha ng ugnayan ang negosyo at industriya sa pagitan ng Pilipinas at iba pang bansa. May idea ka ba kung ano ang mga ugnayang ito? Maglista ng mga halimbawa ng ibang ugnay ang pang-ibayong dagat na kaugnay ng negosyo at industriya sa mga patlang sa susunod na pahina. Talakayin ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, pamilya, at kaibigan.

Sa maraming kaso, dumadayo sa Pilipinas ang mga negosyo mula sa ibang bansa para magtayo ng opisina o pabrika. Dahil dito, nakakalikha sila ng trabaho para sa maraming Pilipino. Sinisikap ng Pilipinas na hikayatin ang mga dayuhang negosyante na mamuhunan sa Pilipinas, para lalo pang dumami ang trabaho. Para magawa ito, nagtatatag kung minsan ang pamahalaan ng tinatawag na **export processing zones,** kung saan makapagtatayo ng mga pabrikang gawaan ng kanilang produkto ang mga dayuhang kompanya. Iba pang halimbawa ang Subic Bay Free Port at Clark Special Economic Zone sa Pampanga na mga pook kung saan makapagtatayo ang mga dayuhang kompanya ng mga pabrika at opisina. Nakapagbigay ang mga pabrika at opisinang ito ng maraming trabaho sa mga taong naninirahan sa pook na iyon.

## Alamin Natin

Isa pang larangan ang **teknolohiya** kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa mundo. Marami sa teknolohiyang nakikita natin sa paligid ay bunga ng ugnayan natin sa ibang bansa. Ang mga computer, makinarya sa pabrika, automatic teller machines, kagamitang pambahay at cellular phone ay nagagamit natin dahil sa mga ugnayan ng Pilipinas sa ibang bansa na nag-imbento at gumawa ng teknolohiyang ito. Masasabi mo na ang mga bansang may sulong na teknolohiya ay ibinabahagi ang malaking bahagi nito sa ibang bansa tulad ng Pilipinas.




Makakaisip ka pa ba ng mga halimbawa ng mga teknolohiya na likha sa ibang bansa na ginagamit sa Pilipinas? Subukang maglista ng limang teknolohiya na mahalaga sa iyong pang-araw-araw na buhay.


______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan sa Pagwawasto* sa pahina 49.

Hindi lamang naman tumatanggap ng teknolohiya ang Pilipinas. Maraming Filipino ang nag-aaral ng computer at natuto ng computer programming. Pagkaraan nilang mag-aral ng programming at computer science, mayroon silang oportunidad  na mangibang bansa para magtrabaho.




Nakaugnay din ang Pilipinas sa iba pang panig ng mundo sa pamamagitan ng sumusunod:

**Isports**

Maraming atletang Pilipino ang nagsasanay para sa paligsahan sa isports sa ibang bansa. May mga panahon din na ang Pilipinas ang tagapagtaguyod ng paligsahang pang-isports kung saan maraming lumalahok na atleta mula sa ibang bana. Narito ang ilang halimbawa ng mga isports na nag-uugnay sa mga atletang Pilipino doon sa mga galing sa ibang bansa. Maraming Filipino ang tagasubaybay ng isports mula sa ibang bansa na ipinapalabas sa telebisyon tulad ng basketball, football, at golf.

Ilang halimbawa ang mga larawan sa susunod na pahina ng ugnayan sa isports ng Pilipinas at iba pang bansa.


Track and Field


Boxing


Billiards


Makakaisip ka pa ba ng ibang halimbawa ng ugnayan sa isports ng Pilipinas at iba pang bansa? Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang sa ibaba at talakayin ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya o mga kaibigan.

## Edukasyon

Mapalad ang ilang Pilipino na makapag-aral sa mga kolehiyo at unibersidad. Nag-aaral din ang mga estudyante mula sa ibang bansa sa mga kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas.

Nagpapanatili ang Pilipinas ng ugnayan sa isang internasyonal na organisasyon pang-edukasyon na tinatawag na UNESCO, o ang United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. May komitment ang UNESCO na magbigay ng edukasyon para sa lahat sa mundo. Malapit na nakikipag-ugnayan ang Pilipnas sa organisasyong ito at sa iba pang bansa sa pagsasakatuparan ng layuning ito.

Alam mo ba na nagwagi ng premyong internasyonal ang NFE A&E mula sa UNESCO? Ngayon, interesado ang mga pamahalaan ng ibang bansa na malaman pa ang marami tungkol sa programang NFE A&E para maisakatuparan ang isang katulad na proyekto para sa kanilang sariling mamamayan.




May kilala ka bang nag-aaral o nakapag-aral sa ibang bansa? Ano sa palagay mo ang bentaha o desbentaha ng pag-aaral sa ibang bansa? Isulat ang iyong sagot sa patlang sa ibaba at talakayin ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya o mga kaibigan.

_______________________________________________

_______________________________________________

_______________________________________________

**Militar**

Narinig mo na ba ang *Visiting Forces Agreement* o VFA? Natatandaan mo ba na dating pinangangsiwaan ng US Military ang Subic Bay sa Zambales, Clark Field sa Pampanga at Camp John Hay sa Baguio? Nagpapanatili ng mga ugnayan ang Pilipinas sa maraming sandatahang lakas ng iba't ibang bansa. Lumalahok din ang Pilipinas sa Hukbong Pamayapa ng United Nations, isang grupo ng mga sundalo mula sa iba't ibang bansa na itinatalagang magpanatili ng kapayapaan at seguridad sa iba't ibang bahagi ng mundo.




**Salapi**

Mayroon ka bang kamag-anak na nagpadala ng pera sa iyo mula sa ibang bansa? Kung oo, naranasan mo ang pagpapalit ng perang iyon sa piso sa bangko o sa nagpapalit ng pera. Ano ang nangyari ng subukan mong palitan ang pera mo? Bawat bansa sa mundo ay may sariling anyo ng salapi. Ang salapi ng isang bansa ay may tiyak na katumbas sa ibang bansa, at madalas magbago ang halagang ito. Kaya kapag nagpalit ka ng salapi tulad ng dolyar sa piso, laging nagbabago ang tumbasan.



**Media**

Mga uri ng media ang telebisyon, pelikula, diyaryo, at radyo. Ano ang ilang halimbawa ng ugnayan ng Filipino media sa iba pang bansa? Isulat ang iyong idea sa patlang sa ibaba.

______________________________________________________________


______________________________________________________________

______________________________________________________________

Madalas mong mabasa ang mga balita tungkol sa mga tao mula sa ibang bansa sa telebisyon. Mababasa mo rin ang ito sa mga diyaryo. Kahit ang mga dramang pantelebisyon na ipinalalabas sa gabi at kinagigiliwan ng mga Pilipino ay nagmula sa ibang bansa tulad ng Mexico at United States. Binibili ng maraming istasyon ng telebisyon sa Pilipinas ang mga programang ito mula sa ibang bansa para maipalabas ang mga ito sa kanilang mga manonood na Filipino. Sinimulan na rin ng ilang istasyon ng telebisyon sa Pilipinas na magpalabas ng ilan sa kanilang balita at ibang programa sa ibang bansa para sa mga OFWs at iba pang Pilipinong naninirahan doon. Itinatatag din ng mga komunidad na Pilipino sa ibang bansa ang kanilang sariling diyaryo na nagtatampok ng balitang Pilipino para sa mga OFWs at iba pang migranteng Pilipino.

**Empleyo**

May kilala ka bang nagtarabaho sa ibang bansa? Bakit sa palagay mo maraming Pilipino ang nagpapasiyang maging OFWs? Ano ang mga benepisyo ng ugnayang pang-empleyo ng Pilipinas at ibang bansa? Maraming Pilipino ang pumupunta sa ibang bansa dahil maraming pagkakataon para sa trabaho sa maraming panig ng mundo. Nagbibigay ng pagkakataon ang trabaho sa ibayong dagat para sa mas mataas na sahod para sa kalipikadong manggagawang Pilipino. Ang pagsasanay na natanggap o kakayahang taglay ng isang tao ang makakatulong sa pagtukoy ng mga oportunidad na maibibigay sa kanya sa ibang bansa. Marami ring dayuhan ang nagtatrabaho sa Pilipinas. Kung minsan, lumilipat sa Pilipinas ang mga Presidente ng ilang dayuhan korporasyon para pangasiwaan ang kanilang mga negosyo.




Ano sa palagay mo ang epekto sa Pilipinas ng gayong ugnayang pang-empleyo?

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Matatalakay mo ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya at kaibigan.

**Turismo**

Nakadalaw ka na ba sa isang lugar na malayo sa iyong tahanan para magbakasyon? Kung oo, naging turista ka. Nakakita o nakakilala ka na ba ng mga taong dumadalaw sa Pilipinas mula sa ibang bansa? Saang bansa sila galing? Maraming tao mula sa ibang bansa ang mahilig dumayo sa ibang pook. Kung minsan, maaaring makakilala ka nang ilang turistang nagbabakasyon sa Pilipinas. Pumupunta sila sa Pilipinas para puntahan ang mga dalampasigan, o maglibot sa bansa at tingnan ang i ba't ibang tanawin. Maraming Pilipino ang nagpupunta sa ibang bansa para tingnan ang iba't ibang pook. Kung mabibigyan ka ng pagkakataon na pumunta sa ibang bansa, anong bansa ang bibisitahin mo? Bakit? Isulat ang iyong mga sagot sa inilaang patlang sa ibaba.

______________________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Matatalakay mo ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya at kaibigan.



Nasa susunod na pahina ang lagom ng mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.



## Tandaan Natin

Narito ang ilang ugnayan ng Pilipinas at ng mundo:

- Teknolohiya
- Isports
- Militar
- Edukasyon
- Empleyo
- Media
- Turismo
- Salapi
- Negosyo at Industriya

Ilan lamang ito sa mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Kung talagang iisipin mo, malalaman mong nararanasan mo ang ugnayang ito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Marami sa mga bagay na ginagamit o kinasisiyahan mo ang nag-uugnay sa iyo sa maraming paraan sa mundo. Ibig sabihin lamang na maraming taong katulad mo sa buong

mundo na nasisiyahan sa gayunding produkto at serbisyo. Sa katotohanan, magugulat kang matuklasan na marami kang pagkakatulad sa ibang tao sa buong mundo.



## Subukan Natin Ito

Tukuyin ang iba't ibang larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa iba pang bahagi ng mundo. Para sa bawat larangan, maglista ng kahit isa lamang na halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo. Isulat ang iyong sagot sa kahon sa ibaba.

| Larangan | Halimbawa |
|---|---|
| | |

Natatandaan mo ba ang lahat ng larangan na nabanggit sa araling ito? Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa mga pahina 50.



## Pag-isipan Natin Ito

Paaanong nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay ang ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo?

Subuking isipin kung paanong makakaapekto sa iyo ang bawat sitwasyong ito. Matatalakay mo ang iyong sagot sa isang kapamilya, kaibigan, o iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*.

A. Narinig mong tumaas ang presyong pandaigdig ng krudong langis. Ano sa palagay mo ang magiging epekto nito sa iyong pang-araw-araw na buhay?

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

B. Karirinig mo lamang na itinalaga ng pamahalaan ang lugar malapit sa iyong komunidad bilang export processing zone o pook kung saan magtatayo ng pabrika ang mga kompanyang pag-aaari ng dayuhan. Paano sa palagay mo ito makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

C. Kababatid mo lamang na magtatayo sila ng bagong ekuwelahan malapit sa iyong komunidad. Sinabi ng inyong Kapitan de Barangay na bahagi ito ng proyekto ng pamahalaan na inaprobahan sa isang internasyonal na kumbensiyong pang-edukasyon. Paano sa palagay mo ito makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?


_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

_____________________________________________________

Natalakay mo ba ito sa iyong kapamilya, kaibigan, o sa iyong *Instructional Manager?* Nalinawan ka ba kung paanong ang bawat sitwasyon ay makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay? Magpatuloy sa pagbasa upang malaman.



## Alamin Natin

Madalas na hindi natin nakikita ang koneksiyon, ngunit ang ugnayan ng Pilipinas at ng mundo ay nakakapekto sa ating pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, umaangkat ang Pilipinas ng langis mula sa ibang bansa.


Kapag umakyat o bumaba ang presyo ng langis, kapag nagbago ang tumbasan ng salapi, gayundin ang presyo ng langis. Ibig sabihin, magbabago din ang presyo ng gasolina. Kapag tumaas ang presyo ng langis, tataas din ang presyo ng gasolina. Kapag tumaaas ang presyo ng gasolina, lalong magmamahal ang presyo ng maraming produkto. Tataas din ang ibabayad mo sa biyahe ng dyipni o traysikel.

Narito pa ang ilang sitwasyon ng ugnayan ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo na makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay:

♦ Kapag nanghikayat ang pamahalaan ng mga dayuhang kompanya para magtayo ng mga pabrika o opisina malapit sa iyong komunidad, higit na maraming trabaho ang mabubuksan.




♦ Dahil sa paglahok ng Pilipinas sa mga organisayong tulad ng UNESCO, higit na may kooperasyon sa mga bansa kaugnay ng pagbibigay ng programang pang-edukasyon sa madla. Nagsisikap na magtulungan ang Pilipinas at ibang bansa para makapagbigay ng programang pang-edukasyon sa kanilang mga mamamayan. Ibig sabihin, magkakaroon ka ng mas maraming oportunidad na mag-aral o matuto. Makakadagdag ito sa iyong kaalaman at kakayahan at magbubukas ng mas maraming pagkakataon para sa empleyo.





## Subukan Natin Ito

Tingnan natin ang iba pang ugnayan ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo at kung paano nakakaapekto ang mga ito sa pang-araw-araw na buhay mo. Subuking isipin kung paanong makakaapekto sa iyo ang bawat sitwasyon. Matatalakay mo ang iyong mga idea sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya, o kaibigan.

1. Pumunta ka sa city hall sa iyong pook at natuklasan mong naglalagay sila ng mga bagong computer. Sinabi ng kaibigan mong nagtatrabaho doon na nagsasagawa sila ng programang pangcomputer sa city hall. Paano itong makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

2. Nasisiyahan ang iyong pamilya sa panonood ng mga palabas na drama sa telebisyon na nagtatampok ng dayuhang aktor at aktres. Labis kang nasisiyahan sa palabas kaya nalungkot ka nang matapos na ito. Tatlong buwan pagkaraan, nakita ang isang patalastas ng bagong dayuhang palabas na drama sa isa pang channel. Paano itong makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

3. Regular na nagpapadala sa iyo ng pera ang isang kamag-anak mo sa Japan. Isang araw, sa pagdaraan mo sa tagapalit ng pera, napansin mo na ang tumbasan sa dolyar at yen ay mas mataas sa linggong ito kaysa noong isang linggo. Paano itong makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

   ____________________________________________________________

4. Narinig mo ang isang grupo ng magsasaka sa iyong lugar na nag-uusap tungkol sa kanilang mababang ani sa taong ito. Nang sumunod na araw, sinasabi sa iyo ng isang kaibigan mo mula sa NFA (National Food Authority) na kinakalkula nila kakailanganin nilang mag-angkat ng tone-toneladang bigas mula sa Thailand ngayong taong ito. Paano itong makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?


    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

    ______________________________________________________

Natalakay mo ba ito sa iyong kapamilya, kaibigan, o sa iyong *Instructional Manager?* Nalinawan ka ba kung paanong ang bawat sitwasyon ay makakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay? Magpatuloy sa pagbasa upang malaman.




## Alamin Natin

Narito ang ilang halimbawa kung paanong ang mga ugnayan ng Pilipinas at ibang bansa ay nakakaapekto sa ating pang-araw-araw na buhay:


♦ Isang mahalagang ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo ang larangan ng teknolohiya. Halimbawa, ang teknolohiyang ibinabahagi ng ibang bansa sa Pilipinas ay nagbigay sa atin ng mga kaginahawahan tulad ng telepono na ginagamit natin sa pakikipagtalastasan sa ibang tao. Ang iba pang anyo ng teknolohiya tulad ng Internet ay tumutulong magpaunlad sa maraming negosyong Filipino. Ang iba pang anyo ng teknolohiya tulad ng computer ay nagpapabisang lalo sa trabaho. Pinabibilis nito ang aplikasyon sa mga tanggapang pampamahalaan, kaya hindi ka na kailangang maghintay nang matagal.



- Maraming network ng telebisyon sa Pilipinas ang may ugnayan sa ibang istasyon ng telebisyon mula sa ibang bahagi ng mundo. Madalas na bumibili ang mga ito ng mga programa tulad ng drama o katatawanang palabas mula sa ibang bansa at ipinalalabas ang mga ito sa mga manonood na Pilipino. Kapag maraming tao ang nasiyahan sa panonood ng dayuhang palabas, mas malamang na susubukan din ng ibang istasyon na kumuha ng katulad na palabas mula sa ibang bansa. Kumukuha din sila ng mga news clip sa mga programang pambalitang ipinalalabas nila. Dahil sa ugnayang ito, marami kang mapagpipiliang programa. Ibig sabihin nito, kapag gusto mong maaliw, mas marami kang mapagpipiliang programa mula sa ibang bansa.



- Kapag may nagpadala sa iyo ng pera mula sa ibang bansa, ang dami ng pisong makukuha mo para sa ipinadalang pera ay magbabago araw-araw. Dahil ito sa ang mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Ang kalakalan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo ang magtatakda kung anong halaga ng piso ang makukuha mo sa perang ipinadala sa iyo.



- Kapag di na kayang makapag-ani nang sapat na bigas ang Pilipinas, kakailanganin niyang mag-angkat o bumili mula sa mga bansang may sobrang supply ng bigas. Ibig sabihing marami kang makikitang bigas na inaangkat na ibinibenta sa palengke o supermarket.




Tulad ng nakita mo, nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay ang mga ugnayan ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo. Maitatakda ng ugnayang ito ang presyo ng pagkaing binibili mo at ang uri ng trabahong bukas sa iyong komunidad. Maitatakda rin nito ang palabas sa telebisyon na kinagigiliwan mong panoorin. Naaapektuhan din ng mga ugnayang ito sa katulad na paraan ang maraming taong gaya mo sa buong mundo. Kapag lalo mong pinag-isipan, mas lalong nagiging malinaw na naninirahan tayo sa iisang mundo at magkakaugnay tayong lahat. Maraming tao sa buong mundo ang kinagigiliwan din ang maraming bagay na kinagigiliwan mo. Tunay, nakaugnay tayo sa mundo sa maraming paraan.

## Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan

Nasiyahan ka ba sa pag-aaral ng araling ito? Bakit hindi mo subukin ang sarili mo kung gaano karami ang natutuhan mo.

A. Tukuyin ang limang larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas na sa iba pang bahagi ng mundo. Magbigay ng isang halimbawa mula sa pang-araw-araw na buhay ng bawat larangan.

1. ______________________________________________

2. ______________________________________________

3. _______________________________________________

4. _______________________________________________

5. _______________________________________________

B. Ilarawan kung paanong ang bawat isa sa sumusunod na ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo ay nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay. Isulat ang iyong mga sagot sa patlang sa ibaba.

1. Paanong ang teknolohiyang likha sa ibang bansa ay nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

2. Paanong ang presyo ng krudong langis sa pamilihang pandaigdig ay nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

3. Paanong ang tumbasan sa salapi na nakikita mo sa tagapalit ng salapi ay nakakaapekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

   _______________________________________________

   _______________________________________________

   _______________________________________________

Kumusta ang pagsusulit mo? Maihahambing mo ang iyong mga sagot sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pp. 50–51.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, napakagaling! Ibig sabihin, naunawaan mo talaga ang paksang ito.

Kung nagkamali ka, huwag mag-alala. Balik-aralin lamang ang mga bahagi ng aralin na hindi mo naunawaan.

## Tandaan Natin

Sa araling ito, natutuhan mo ang iba’t ibang uri ng ugnayan ng Piliinas at ibang bahagi ng mundo. Mas marami kang natutuhan tungkol sa iba’t ibang larangan kung saan ugnay ang Pilipinas sa ibang bansa sa mundo. Nalaman mo rin na nakakaapekto ang mga ito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Isang magandang halimbawa nito ang presyo ng langis. Sa totoo lang, may katulad na epekto ang mga ugnayang ito sa maraming tao sa buong mundo. Nangangahulugan ito na maraming magkakatulad na bagay na taglay mo ang nakakatulad ng sa ibang tao sa buong mundo. Marami sa kanila ang nasisiyahan sa parehong programang pantelebisyon na kinasisiyahan mo, o may katulad na programang pang-edukasyon sa kanilang komunidad. Tunay, nangangahulugan ang ugnayan ng Pilipinas at ibang panig ng mundo na nakaugnay ka sa maraming katulad mo sa buong mundo.

## Ibuod Natin

Sa modyul na ito, natutuhan mo ang tungkol sa mga ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo. Natutuhan mo na nakaugnay ang Pilipinas sa ibang bahagi ng mundo sa pamamagitan ng negosyo at industriya, teknolohiya, edukasyon, media, at isports. Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng maraming larangan kung paano nakaugnay ang Pilipinas sa ibang bansa. Natutuhan mo na maraming produkto na ginagamit mo sa iyong pang-araw-araw na buhay ang mabubuting halimbawa ng mga ugnayang ito. Nalaman mo rin na nakakaapekto ang mga ugnayang ito sa iyong pang-araw-araw na buhay, ayon sa mga produktong binibili o mga trabaho at oportunidad na pang-edukasyon na bukas sa iyo sa komunidad/ bayan mo.

Pagkaraang pag-aralan ang modyul na ito, maaaring may mas mabuti ka nang idea kung gaano ka nakaugnay sa ibang tao sa buong mundo. Maaaring kalahok ka sa paggawa ng mga produkto na gagamitin ng ibang tao sa ibang bansa. Maaaring gumamit ka rin ng mga produktong likha sa ibang bansa. Pinakamahalagang bagay na dapat tandaan na maaaring maraming uri ng tao sa mundo ngunit kung iisipin mong mabuti, saan ka man naninirahan o kung sino ka man, na may ugnayan ka at ang ibang bahagi ng mundo.



## Anu-ano ang mga Natutuhan Mo?

Gaano karami ang natutuhan mo sa modyul? Bakit hindi mo subukan kung gaano ito karami? Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

A. Tingnan ang listahan ng mga produkto sa ibaba. Lagyan ng tsek (4) ang unahan ng produkto na magandang halimbawa ng mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.

______ 1. Gasolina

______ 2. Dahon ng saging

______ 3. Sabon at shampoo

______ 4. Pataba

______ 5. Barong Tagalog

______ 6. Letson

______ 7. Garments

______ 8. Isda at Sugpo

B. Tukuyin ang mga 5 iba’t ibang larangan kung saan kaugnay ang Pilipinas sa iba pang bahagi ng mundo. Magbigay ng maikling deskripsiyon ng bawat isa. Isulat ang iyong mga sagot sa mga patlang sa ibaba.

1. ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

2. ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

3. ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

4. ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

5. ____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

C. Tinanong ka ng isang malapit na kaibigan kung mayroong ugnay ang langis na mula sa ibang bansa at presyo ng kanyang paboritong isda sa palengke. Paano mo ipaliliwanag sa kanya na may epekto sa kanyang pang-araw-araw na buhay ang ugnayang ito?

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

D. Batid mo na ngayon na ang mga ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo ay maaaring magkaroon ng epekto sa iyong pang-araw-araw na buhay. Sa mga ugnayang nabanggit sa modyul, aling mga ugnayan ang may pinakamatinding epekto sa iyong pang-araw-araw na buhay? Pumili ng mga 3 larangan na pakiramdam mo'y may pinakamatinding epekto sa iyong pang-araw-araw na buhay?

____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________
____________________________________________________

Kumusta ang pagsusulit mo? Maihahambing mo ang iyong sagot sa mga tanong na matatagpuan sa *Batayan ng Pagwawasto* sa pp. 51–53.

Kung tama ang lahat ng sagot mo, mahusay! Ibig sabihin, marami kang natutuhan sa paksa. Mas marami ka nang alam tungkol sa ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo. Nalaman mo na rin sa puntong ito na nakaugnay ka sa maraming tao sa maraming paraan sa iba't ibang bahagi ng mundo.

Kung mayroon kang ilang pagkakamali, huwag mag-alala. Balik-aralin lamang ang mga bahagi ng modyul na hindi nauunawaan.

Tapos na ang modyul na ito. Makakalipat ka na sa susunod na BNFE A & E modyul na magustuhan mo. Binabati kita! Naging napakahusay mong mag-aaral!

# Batayan ng Pagwawasto

## A. Anu-ano na ang mga Alam Mo? *(pp. 2–4)*

A. 4 1. Pataba

4 2. Cellular phones

4 3. Langis ng niyog

4 4. Traysikel

4 5. Electronics

4 6. Garments

4 7. Isda at Sugpo

4 8. Bakal

4 9. Saging

4 10. Asukal

Ang mga nakalistang produkto ay magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.

B. Narito ang ilang halimbawa ng bawat isa sa limang larangang nabanggit:

Negosyo at Industriya:

- mga produkto tulad ng toothpaste at shampoo na ginagamit mo araw-araw
- krudong langis na pinagmumulan ng gasolina
- isda at sugpo na iniluluwas sa ibang bansa

Isports:

- Bilyard
- Basketbol
- Boksing
- Track & Field

Trabaho o Empleyo:

- Mga Pilipinong nagtatrabaho sa ibang bansa
- Dayuhang kompanya na nagtayo ng mga pabrika sa Pilipinas at tumanggap ng mga trabahador na Pilipino

Media:

- Dayuhang mga dramang pantelebisyon na ipinalalabas sa Pilipinas
- Programang pambalita at iba pang palabas na ipinalalabas sa ibang bansa para sa manonood na komunidad na Pilipino doon.

Edukasyon:

- Mga Pilipinong nagtutungo sa ibang bansa para mag-aral
- Paglahok ng pamahalaang Pilipino sa mga internasyonal na organisasyong pang-edukasyon tulad ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization (UNESCO)

Maiisip mo pa ang ibang halimbawa para sa bawat larangan na hindi nakalista dito. Talakayin mo ang iyong mga sagot sa iyong *Instructional Manager* para sa karagdagang reaksiyon.

C. Narito ang ilang posibleng epekto ng mga ugnayan ng Pilipinas at ng mundo sa iyong pang-araw-araw na buhay:

1. Kung ang magsasaka sa Pilipinas ay hindi nakakapag-ani ng sapat na palay, ang pamahalaang Pilipino at pribadong sektor ay karaniwang bumibili ng bigas mula sa ibang bansa at ipinagbibili ito sa Pilipinas. Ibig sabihin, kapag bumibili ka ng bigas, maaaring makakita ka ng maraming uri ng bigas na ibinebenta mula sa ibang bansa.

2. Maraming palabas sa telebisyon ang kinagigiliwan mo. Maaaring gawa sa ibang bansa ang ilan sa mga palabas na ito. Ang mga istasyon ng telebisyon sa Pilipinas ay madalas na bumibili ng palabas mula sa ibang bansa para

maipalabas ang mga ito dito. Dahil may ugnayan ang Pilipinas at iba pang bansa sa larangan ng media, nakakapanood tayo ng maraming uri ng palabas. Nalalaman din natin kung ano ang nangyayari sa maraming bahagi ng mundo sa pamamagitan ng balita mula sa ibang bansa.

3. Nakaugnay ang Pilipinas sa iba pang bahagi ng mundo sa larangan ng edukasyon. Lumalahok ang pamahalaan ng Pilipinas sa mga programa ng United Nations Educational, Educational at Cultural Organization  o UNESCO. Nakikipagtulungan ang Pilipinas sa maraming bansa sa pagbibigay ng programang pang-edukasyon sa maraming tao, kabilang ka na.


4. Maraming pagkakataon, magtatayo ng opisina o pabrika ang mga kompanyang pag-aari ng dayuhan. Kapag nagtayo ang isang kompanya ng opisina o pabrika malapit sa iyong komunidad, mas maraming trabaho ang mabubuksan para sa mga tao sa inyong komunidad. Kung minsan, magtatayo ang pamahalaan ng mga espesyal na pook para sa mga pabrika o opisina. Kung maraming kompanya ang naakit sa mga pook na ito, nangangahulugan ito ng mas maraming trabaho para sa mga tao sa iyong komunidad.

5. Nag-aangkat ng langis ang Pilipinas mula sa ibang bahagi ng mundo. Napakahalaga ng langis sa transportasyon o sa paglikha ng elektrisidad. Kapag tumaas ang presyo ng langis, tumataas din ang presyo ng gasolina. Ibig sabihin, mas magiging mahal ang pamasahe sa dyipni o traysikel. Ang presyo ng ibang produkto ay magmamahal din.


6. Ang halaga ng pera ng ibang bansa ay nakabatay sa ugnayan ng bansang iyon at ng ibang bahagi ng mundo. Kapag may nagpadala sa iyo ng pera mula sa ibang bansa, madalas na ipinapalit mo ito sa piso. Halimbawa, ang dami ng pisong makukuha mo sa US$50 ay magbabag-bago sa bawat araw. Resulta ang pagbabago ng ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo.

## B. Aralin 1


*Subukan Natin (pp. 6–7)*





Shampoo at sabon ito. Malamang na mahalaga sa iyo ang mga produktong ito dahil ginagamit mo ito sa araw-araw sa paliligo mo.




Isa itong bomba ng gasolina. Napakahalaga sa iyo ng gasolina dahil ginagamit ito sa pagpapatakbo ng kotse at trak. Kapag sumasakay ka sa traysikel o dyipni, gumagamit ka ng bagay na umaasa sa gasolina.




Computer ito. Maaaring gumagamit ka nito o hindi sa iyong pang-araw-araw na buhay. Mahalaga ang mga computer, gayunamn dahil tumutulong ito para pabilisin ang ilang gawain. Kung nakikipagtransaksiyon ka sa isang bangko o ahensiya ng gobyerno, maaaring napansin mo na ang mga taong nagtatrabaho doon ay gumagamit ng mga computer. Nakatutulong ito na mabawasan ang tagal ng paghihintay mo para mapaglingkuran ka.



Isa itong telebisyon. Malamang na nasisiyahan kang manood ng telebisyon sa araw o bago ka matulog. Nang-aaliw ang telebisyon sa pamamagitan ng palabas na nagpapatawa o nagpapaiyak sa atin.





Salapi ito mula sa ibang bansa. Kung mayroon kang miyembro ng pamilya o kamag-anak na nagtatrabaho sa ibang bansa, maaari siyang magpadala ng pera sa iyo kung minsan. Mahalaga ito dahil mabibili mo ang mga bagay na kailangan mo sa pamamagitan ng perang ito.




Isa itong pabrika na pag-aari ng dayuhan. Baka mayroong ganito malapit sa iyong komunidad. Nakakapagbukas ito ng trabaho sa maraming tao. Maaaring napakahalaga nito sa iyo kung nagtatrabaho ka sa isang pook na katulad nito.




Mga turista ito. Maaari o maaaring hindi mo nakita o nakilala ang isang tao mula sa ibang bansa na bumibisita sa Pilipinas. Sa maraming pagkakataon, maaari mong kaibiganin ang mga tao mula sa ibang bansa. Tumutulong din ang mga turista sa isang komunidad dahil gumagasta sila para sa produkto at serbisyo,atbp., na kinakalakal ng komunidad.




Gamot ito. Kapag may sakit ka, karaniwang umiinom ka ng gamot, kaya napakahalaga nito sa iyong pang-araw-araw na buhay. Galing sa ibang pook ang maraming gamot, kaya maaaring napakamahal nito.



Isa itong Pilipino na nagtatrabaho sa ibayong dagat. Maaaring may kilala kang tao na nagtarabaho sa ibang bansa. Sa maraming pagkakataon, pumupunta sila doon dahil sa mayroong higit na mabuting oportunidad sa trabaho sa mga bansang iyon.




Larawan ito ng isang laro sa NBA. Maraming Pilipino ang mahilig manood ng laro ng basketball sa telebisyon. Marami ring Pilipinong manlalaro ng basketbol na nakikipagpaligsahan sa ibang bansa.

*Subukan Natin (pp. 14–15)*

A. Narito ang listahan ng mga bagay sa kuwento ni Grace na magagandang halimbawang ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo. Maaaring napili mo ang lima sa mga sumusunod:

Toothpaste

Shampoo

Presyo ng gasolina

Ang pabrikang pinagtatrabahuan ni Grace

Ang perang ipinadalani Benjie mula sa Saudi Arabia

Ang mga computer na handog sa eskuwelahan ng kapatid na lalaki ni Jeannette

Ang kurso sa programming  na tinatapos ng kapatid na lalaki ni Jeannette

Ang palabas sa telebisyon na Josaminda

B. Mahalaga kay Grace ang shampoo at toothpaste dahil ginagamit niya ang mga bagay na ito kapag naliligo at nagsesepilyo.

Mahalaga  kay Grace ang pamasahe sa traysikel dahil sumasakay siya sa traysikel araw-araw sa pagpasok sa trabaho.

Mahalaga rin sa kanya ang presyo ng gasolina dahil nakakaapekto ito sa presyo ng pagkaing ipinagbibili sa palengke.

Napakahalaga ng pabrikang pag-aaari ng dayuhan na pinaglilingkuran ni Grace dahil dito nagmumula ang kanyang pinagkakakitaan. Ang pag-aasikaso sa pagbisita ng kanilang among Hapon ay mahalaga rin sa kanya dahil gusto niyang pagbutihin ang trabaho niya.

Ang perang ipinadala ni Benjie mula sa ibang bansa ay mahalaga kay Grace dahil nakakatulong ito sa kanilang gastusin. Sa perang padala ni Benjie, mabibili nila ang mga bagay na kailangan nila.

Mahalaga kay Grace ang palabas sa telebisyong Josaminda dahil inaaliw siya at pinagpapahinga nito pagkatapos ng mahabang araw sa pagtatrabaho.

C. Oo, lumalahok si Grace sa ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo. Maaaring gumagamit si Grace ng toothpaste o shampoo na gawa ng kompanyang pag-aaari ng dayuhan. Sa kanyang trabaho at pagrerelax, lumalahok si Grace sa ugnayan ng Pilipinas at ng mundo.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 15–16)*

A. Narito ang isang listahan ng mga bagay na magagandang halimbawa ng ugnayan ng Pilipinas at ng ibang bahagi ng mundo. Maaaring naisagot mo ang alinman sa sumusunod;

| | |
|---|---|
| Pataba | Cellular phones |
| Toothpaste | Shampoo |
| Tela | Langis ng niyog |
| Gasolina | Saging |
| Isda at Sugpo | Electronics |
| Garments | Dolyar o salapi |
| Export processing zone | Palabas sa telebisyon |
| Turismo | Isports |

B. Maaaring hindi mo napansin, pero lumalahok ka sa mga ugnayan o koneksiyon ng Pilipinas at ibang bahagi ng mundo sa iyong pang-araw-araw na gawain. Marami sa produktong ginagamit mo ay maaaring gawa sa hilaw na materyal na inangkat mula sa ibang bansa. Kahit sa pagsakay lamang sa dyipni o traysikel, lumalahok tayo sa ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo.

## C. Aralin 2

*Subukan Natin Ito (pp. 18–19)*

1. Negosyo at Industriya
2. Isports
3. Edukasyon
4. Teknolohiya
5. Empleyo

*Subukan Natin Ito (pp. 21–22)*

Para sa buong listahan ng iba't ibang produkto ng mga angkat at luwas ng Pilipinas, tingnan ang mga pp. 56–59. Ang mga talahanayan sa Apendiks ay naglilista ng lahat ng produktong inaangkat mula sa Pilipinas patungo sa ibang bansa, gayundin ang mga produktong iniluluwas sa Pilipinas.

*Alamin Natin (pahina 23)*

Narito ang halimbawang mga teknolohiya na pinapaunlad sa ibang bansa na maaaring mahalaga sa iyong pang-araw-araw na buhay.

| | |
|---|---|
| Washing machine | Gas range |
| Telebisyon | Refrigerators |
| Radyo | Ilaw-trapiko |
| Computer | Telepono |

Maaaring nakaisip ka pa ng ilang halimbawa ng mga teknolohiyang ito. Matatalakay mo ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya at kaibigan.

*Subukan Natin (pahina 30)*

| LARANGAN | HALIMBAWA |
|---|---|
| Negosyo at Industriya | Shampoo at toothpaste |
| Teknolohiya | Computer |
| Isports | Boksing, Bilyard |
| Edukasyon | Programang NFE A&E |
| Media | Palabas na dramang dayuhan |
| Kalusugan at medisina | Mga gamot na gawa sa ibang bansa |
| Militar | Paglahok sa Hukbong Sandatahan ng Pilipinas sa misyong pamayapa ng United Nations |
| Salapi | Dolyar na padalang isang nagtatrabaho sa ibang bansa |
| Empleyo | Mga pabrikang pag-aaari ng dayuhan at nagpapatrabaho |
| Turismo | Mga dayuhang pumupunta sa Pilipinas para Magbakasyon |

Naisip mo pa marahil ang ibang halimbawa para sa bawat larangan nahindi nabanggit dito. Matatalakay mo ang iyong sagot sa iyong *Instructional Manager* o *Facilitator*, kamag-aral, kapamilya at kaibigan.

*Alamin Natin ang Iyong mga Natutuhan (pp. 36–37)*

A. Narito ang listahan ng larangan kung saan konektado ang Pilipinas sa iba pang bahagi ng mundo. Naisagot mo marahil ang alinman sa sumusunod:

| | |
|---|---|
| Negosyo at Industriya | Teknolohiya |
| Media | Edukasyon |
| Militar | Kalusugan at Medisina |
| Empleyo | Salapi |
| Turismo | Isports |

Naisip mo pa marahil ang ibang larangan na hindi nabanggit dito.Matatalakay mo ang mga sagot sa iyong Instructional Manager para sa dagdag na reaksiyon.

B. 1. Maraming ginhawa ang naibibigay sa atin ng teknolohiya. Binigyan tayo nito ng mga gamit tulad ng telepono na ginagamit natin sa pakikipagkomunikasyon. Ang ibang anyo ng teknolohiya, tulad ng computer, ay nagpapabilis ng trabaho, at sa ibang gawain, tipid sa oras. Kung nakikipagturingan ka sa bangko o tanggapang pampahalaan, nakakatulong ang gamit ng teknolohiya sa pagpapaikli ng oras para makuha mo ang kailangan mo sa ahensiyang ito.

2. Alam mong nag-aangkat ng langis ang Pilipinas mula sa ibang bansa. Kapag tumaas o bumaba ang presyo ng langis, o kapag nagbago ang tumbasan ng pera, gayundin ang presyo ng langis. Ibig sabihin nito, magbabago din ang presyo ng gasolina. Kapag tumaas ang presyo ng gasolina, mas magiging mahal din ang presyo ng maraming produkto. Tataas ang pamasahe mo sa traysikel o dyipni.

3. Dahil sa paglahok ng Pilipinas sa mga organisasyon tulad ng UNESCO, higit na may kooperasyon ng mga bansa kaugnay ng pagbibigay ng programang pang-edukasyon sa mga tao. Sinisikap ng Pilipinas at iba pang bansa na magtulungan upang magbigay ng programang pang-edukasyon para sa kanilang mamamayan. Ibig sabihin nito'y higit na oportunidad sa iyo para pumasok sa paaralan o matuto. Madadagdagan nito ang kaalaman at kahusayan mo, at magbibigay pa sa iyo ng pagkakataon sa empleyo.

## D. Anu-ano ang mga Natutuhan Mo? *(pp. 39–40)*

A. _4_ 1. Gasolina

___ 2. Dahon ng saging

_4_ 3. Sabon at Shampoo

_4_ 4. Pataba

___ 5. Barong Tagalog

___ 6. Letson

_4_ 7. Garments

_4_ 8. Isda at Sugpo

B. Narito ang isang listahan ng mga larangan kung saan nakaugnay ang Pilipinas sa ibang bahagi ng mundo. Maaaring isinagot mo ang alinman sa mga sumusunod:

**Teknolohiya**: Karamihan sa teknolohiyang nakikita natin sa paligid ay bunga ng mga ugnay natin sa iba pang bansa. Ang mga computer, automatic teller machine at cellular phone ay napapakinabangan natin dahil sa ugnayan ng Pilipinas at ibang bansa na nakaimbento at gumagawa ng teknolohiyang ito.

**Isports**: Maraming atletang Pilipino ang nagsasanay para sa mga paligsahang pang-isports sa ibang bansa. May mga panahon din na tagapagtaguyod ang Pilipinas ng mga paligsahang pang-isports na nilalahukan ng maraming atleta mula sa ibang bansa.

**Edukasyon**: Pinapanatili ng Pilipinas ang mga ugnayan sa organisasyong tinatawag na UNESCO, United Nations Environmental, Scientific and Cultural Organization. Malapit na nakikipag-ugnayan ang Pilipinas sa organisasyong ito at ibang bansang kalahok sa pagsasakatuparan ng layuning magbigay ng edukasyon sa lahat.

**Media**: Maraming istasyon ng telebisyon sa Pilipinas ang bumibili ng programang pantelebisyon ng ibang bansa para maipalabas ang mga ito sa manonood na Filipino.

**Militar**: Pianapanatili ng Pilipinas ang ugnayan sa maraming hukbong sandatahan ng iba't ibang bansa. Pumupunta sa ibang bansa ang mga sundalong Filipino upang magsanay, o magsagawa sila ng ehersisyo kasama ang mga sundalo mula sa ibang bansa.

**Salapi**: Bawat bansa sa mundo ay may sariling anyo ng salapi. Ang salapi ng isang bansa ay may takdang halaga sa ibang bansa, at madalas na magbago ang halagang ito. Kaya kapag ipinalit mo ang mga salapi tulad ng dolyar sa piso, laging nagbabago ang palitan.

**Empleyo**: Maraming Filipino ang pumupunta sa ibang bansa dahil maraming pagkakataon sa trabaho sa lahat ng panig ng mundo. Maraming dayuhan din na nagtatrabaho sa Pilipinas. Kung minsan, pumupunta sa Pilipinas ang mga presidente ng ilang dayuhang korporasyon para pangasiwaan ang kanilang negosyo.

**Turismo**: Maraming tao mula sa ibang bansa ang mahilig dumayo sa ibang pook. Kung minsan, maaaring makilala mo ang ilang turistang nagbabakasyon dito sa Pilipinas. Marami ring Filipino ang nagpupunta sa ibang bansa para tingnan ang iba't ibang pook.

**Negosyo at Industriya:** Nakikipagpalitan ng produkto at serbisyo ang Pilipinas sa ibang bansa. Sinusubukan ding hikayatin ng gobyerno ng Pilipinas ang mga dayuhang mamumuhunan na ilipat ang kanilang negosyo sa Pilipinas upang magkaroon ng mas maraming trabaho.

C. Maipapaliwanag mo sa iyong kaibigan na kapag tumaaas o bumaba ang presyo ng langis, o kapag nagbago ang tumbasan ng salapi. Gayundin ang presyo ng langis. Nangangahulugan ito na magbabago din ang presyo ng gasolina. Kapag tumaas ang presyo ng langis, tataas din ang presyo ng gasolina. Kapag tumaas ang presyo ng gasolina, tataas din ang presyo ng mga produktong binibili ng kaibigan mo. Tataas din ang pamasaheng ibinabayad mo sa dyipni o traysikel.

D. Maaaring nababanggit mo ang ugnayan sa negosyo at industriya o media bilang napakahalaga sa iyong pang-araw-araw na buhay. Ang iba pang ugnayan ng Pilipinas at iba pang bahagi ng mundo ay maaaring hindi kasing halaga sa iyo.Talakayin mo sa iyong *Instructional Manager* ang sagot mo para sa karagdagang reaksiyon.

# Talahuluganan

**Angkat** Mga produkto o serbisyong gawa sa ibang bansa at ipinadala sa Pilipinas

**Export Processing Zone** Pook na tinukoy ng pamahalaan na mapagtatayuan ng mga pabrika. May espesyal na insentibo ang EPZ para sa mga kompanyang magtatayo ng kanilang pabrika sa mga pook na espesyal na ito

**Luwas** Mga produkto o serbisyong gawa sa Pilipinas at ipinadala sa ibang bansa

**Nakaugnay** Magkasama; pinag-isa.

**OFWs** Overseas Filipino Workers. Mga Filipino na nagpupunta sa ibang bansa para magtrabaho

**Pagpoprogramang Pang-computer** Paglikha o pagsulat ng code para gumana ang computer at magsagawa ng mga gawain

**Salapi** Pera ng isang bansa. Maipapalit ito sa ibang salapi sa ibang bansa batay sa isang tumbasan

**Tumbasan** (Exchange Rate) Kapag ipinalit mo ang isang uri ng salapi sa iba, itinatakda ng tumbasan ang halagang maipapalit mo sa isang uri ng salapi

**Ugnay/ugnayan** Isang koneksiyon; nakatakdang pagsamahin

**UN** United Nations. Grupo ng mga bansa na nakalaang panatilihin ang kapayapaan sa pamamagitan ng pagtutulungang pandaigdig

**UNESCO** United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization. Layunin ng UNESCO na mag-ambag sa kapayapaan at seguridad sa daigdig sa pamamagitan ng pagtataguyod ng mga ugnay at pagtutulungan ng mga bansa sa edukasyon, agham, kultura at komunikasyon

**VFA** Visiting Forces Agreement. Isang kasunduan ng United States at Pilipinas kung saan ang sandatahang hukbo ng dalawang bansa ay magsasagwa ng mga magkasamang military exercises

## Mga Sanggunian


Connally, B. (1999). *Information Technology in the Philippines: Impacts of National Information Technology Environments on Business*. <http://www.georgetown.edu/users/connallb/INITEB/>. May 14, 2001, date accessed.

National Statistics Office. *Philippine Exports by Commodity Group.* <http://www.census.gov.ph/data/sectordata/2001/ex010102.htm>. May 15, 2001, date accessed.

National Statistics Office. *Philippine Imports by Commodity Group.* <http://www.census.gov.ph/data/sectordata/im99030>. May 15, 2001, date accessed.

UNESCO. *Education for All Year 2000 Assessment Results.* <http://unescostat.unesco.org/en/know/know_p/centre3.htm>. May 12, 2001, date accessed.

UNICEF. *Education for All: No Excuses.* New York: UNICEF Division of Communication, 2001.

# Apendiks

Narito ang listahan ng mga produkto na angkat at luwas ng Pilipinas:

**Luwas ng Pilipinas Ayon sa Commodity Group**

Total agro-based products

Produkto mula sa niyog

- kopra
- langis ng niyog
- pinatuyong niyog
- meal/cake na kopra
- iba pa

Asukal at mga produkto

- centrifugal at pino
- molasses
- iba pa

Prutas at gulay

- de-latang pinya
- pineapple juice
- pineapple concentrates
- saging
- mangga
- iba pa

Iba pang agro-base products

- isda, sariwa o preserbado
- hipon at sugpo
- kape, hilaw hindi roasted
- hibla ng abaka
- tabako, hindi pa napoproseso
- likas na goma
- hibla ng ramie, hilaw o roasted
- halamang dagat na pinatuyo
- bigas
- iba pa

Produktong kahoy

- troso
- lumber
- plywood
- veneer sheets/corestocks
- iba pa

Produktong mineral

- concentrate ng tanso
- tanso
- ginto
- iron ore agglomerates
- chromium ore
- nickel
- iba pa

Produktong petrolyo

Manufactures

- electronic eqpt. & parts
- garments
- tela
- kasuotan sa paa
- produktong pambiyahe at handbag
- wood manufactures
- muwebles at fixtures
- kemikal
- di-metalikong mineral manufactures
- makinarya at transport equipment
- prinosesong pagkain at inumin
- iron at steel
- baby carr., laruan, produktong panlaro at pang-isports
- basketwork, wickerwork, atbp.
- articles of plaiting materials
- misc. manufactured articles
- iba pa

Natatanging transaksiyon

Re-exports

-----------------------------

IMPORT NG PILIPINAS AYON SA COMMODITY GROUP

Capital goods

- power generating & specialized machines
- office & edp machines
- telecommunication equipment & elect. machines
- land transport eqpt. excl. passenger
- cars & motorized cycle
- aircraft, ships and boats
- prof. sci. & cont. inst., photographic eqpt. & optical goods

Raw materials & intermediate goods

- unprocessed raw materials
- wheat
- corn
- unmilled cereals excl. rice & corn
- crude materilas, inedible
  - pulp & waste paper
  - cotton
  - syn. fibers
  - metalliferous ores
- tobacco, unmanufactured

Semi-processed raw materials

Feeding stuffs for animals

- animal & vegetable oils and fats
- chemical
  - chemical compounds
  - medicinal & pharmaceutical chem.
  - urea
  - fertilizer excl. urea
  - artificial resins
  - iba pa

- Manufactured goods
  - papel at produktong papel
  - tela
  - iron & steel
  - non-ferrous metals
  - produktong metal
  - iba pa
- Mga burda
- Mat/acc for the mftr of elect. eqpt.
  - iron ore, not agglomerated
- Mineral fuel & lubricant
  - coal, coke
  - petroleum crude
  - iba pa
- Consumer goods
  - durable
    - passenger cars & motorized cycle
    - home appliances
    - misc. manufactures
  - non-durable
    - food & live animals chiefly for food
      - dairy
      - fish & fish preparation
      - bigas
      - prutas at gulay
      - iba pa
    - beverages & tobacco mfture.
    - articles of apparel, access.
- Pecial transactions
- Articles temporarily imported & exported
- Iba pa

*Source: trade statistics division, national statistics office republic of the philippines*